

Maligayang Bati!

Sa pagbasa ng babasahing ito, nagawa mo ang unang hakbang tungo sa isang pamamahay na ligtas sa karahasan para sa iyo at iyong mga anak. Ang susunod na hakbang ay ang pagkuha ng tulong mula sa mga sanguniang nakalista dito o kaya'y gumawa ka ng iyong sariling listahan ng mga sanggunian sa iyong lugar.

MGA SANGGUNIAN

National Domestic Violence Hotline
May mga tagasalin sa iba't-ibang mga wika
1-800-799-SAFE or
1-800-799-7233

May Karapatan Kang Maging Ligtas Mula Sa Karahasan Sa Iyong Tahanan

Mga Tanong At Mga Sagot

Para Sa Mga Kababaihang Immigrant at Refugee

Unang isinulat ni Donna Norton at nilathala ng Family Violence Prevention Fund (FVPF). Pinabago ni Minty Siu Chung ng AYUDA Inc. at Leni Marin ng FVPF. Nagbigay ng pondo ang California Dept. of Health upang maisagawa ito sa Tagalog. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang manual na *Domestic Violence in Immigrant and Refugee Communities: Asserting the Rights of Battered Women*.

Maaring umorder ng babasahing ito at ang nabanggit na manual mula sa

Family Violence Prevention Fund
383 Rhode Island Street, Suite 304
San Francisco, CA 94133-5133
415-252-8900

Maari ring umorder ng camera-ready version ng babasahing ito. Ikaw ay may pahintulot mula sa tagalathala nito upang kopyahin ang kabuuan nito.



ANO ANG DOMESTIC VIOLENCE?

Ang asawa mo ba o kasintahan o kapareha sa bahay ay lubhang seloso at ikaw ay pinagbabawalan niyang makipag-usap sa iyong mga kaibigan o pamilya? Hindi ka ba niya pinapayagang magtrabaho o kaya'y magaral ng Ingles?

Pinagbantaan ka ba niyang ilalayo sa iyong mga anak? Sinabihan kaba niyang ipapa-deport ka?

Sinaktan kana ba niya? Ikaw ba'y pinilit niyang makipagtalik kahit hindi mo kagustuhan? Pinagbabantaan ka ba niyang sasaktan ka sa pamamagitan ng mga sandata kagaya ng baril, patalim at iba pa?

Sinasabihan kaba niya na kasalanan mo ang kanyang pagiging marahas? Sinasabihan kaba niya na hindi naman malubha ang kanyang karahasan? Ibinibintang ba niya sa drogas at alak ang kanyang marahas na pagkilos? Nararamdaman mo ba na tila nasisiraan ka ng bait dahil sa kanya? Ikaw ba'y tinatawag niya ng mga pangalang nakakababa at nakasisira ng kompiyansa sa iyong sarili?

Kung "OO" ang iyong kasagutan sa ilang mga tanong na ito, hindi ka nag-iisa. Maraming mga babae ay nasa kalagayan tulad mo. Ang mga ikinikilos ng iyong asawa o kapareha ay hindi mo kasalanan. May tulong para sa iyo.

Ang domestic violence ay lumalala habang humahaba ang panahon. Ito'y hindi basta-basta na lang nawawala. Matutunghayan mo sa babasahing ito kung papaano mo maiipagtanggol ang iyong sarili at ang iyong mga anak sa karahasang ito.

Bagama't may mga babaeng inaabusos rin ng kapwa babae, ang asawa o kaparehang lalaki ang tinutukoy na nang-aabusos sa babasahing ito. Bagama't hindi matutukoy ang lahat na legal na lutasin tungkol sa relasyong babae-sa-babae, makapagbibigay pa rin ang babasahing ito ng mga impormasyong ukol sa mga bagay na maaari mong gawin para sa iyong kaligtasan.



ANO ANG MAAARI KONG GAWIN?

May mga iba't ibang serbisyo na makakatulong sa iyo upang matigil ang karahasan sa iyong tahanan: tulad ng "shelters" o mga bahay na matutuluyan; mga ospital; mga pulis; tulong pang-legal at iba pang mga lugar na naghilingkod sa komunidad.



KAILANGAN KO BANG UMALIS NG AKING TAHANAN KUNG AKO'Y NANGANGANIB?

Pumunta ka sa bahay ng isang kaibigan o kaya'y sa isang lugar na tinutuluyan ng mga kababaihang nasa tulad ng kalagayan mo. Kadalasan, ito'y walang bayad at may makukuha kang impormasyon ukol sa iba pang tulong na maaari mong magamit. Kung makikitira ka sa iyong kaibigan o pamilya, hangga't maaari, ilihim mo sa nang-aabusos ang iyong kinaroroonan. Karapatan mong panatilihin lihim o pribado ang iyong immigration status.

Kung ika'y aalis sa bahay mo, pilitin mong maisama ang iyong mga anak. Makakatulong kung madadala mo ang mga iba't-ibang dokumento: kagaya ng lisensiya sa pagmamaneho, ID, pasaporte at mga visa para sa iyo at sa iyong mga anak; mga sertipiko ng kapanganakan; mga dokumento mula sa anumang programa na may tulong pang publiko; mga kasunduan ng pangungupa ng bahay, mga tseke, mga credit cards, paycheck stubs, lisensiya ng kasal, mga kopya ng mga buwis ng iyo at iyong asawa. Kung hindi ka makakakuha ng kopya ng kanyang green card o kaya'y sertipiko ng naturalization, kopyahin mo sa isang papel ang mga impormasyon sa dokumentong ito. Kung sa akala mo na darating ang panahon na kailangan mong umalis ng madalain, ihanda mo ang mga bagay na ito sa isang bag upang madali mo itong makuha pagdating ng panahon.



DAPAT BA AKONG TUMAWAG NG MGA PULIS?

OO. Labag sa batas ang domestic violence. Maaari kang tulungan ng pulisya kung nais mong umalis sa iyong bahay at dalahin ka sa isang ligtas na lugar. Maaari ring arestuhin ng pulis ang iyong asawa o kapareha kung inaakala nilang siya'y lumabag ng batas. Kung hindi naiintindihan ng pulis ang iyong wika, humanap ng makakapagsalin para sa iyo maliban sa iyong asawa o anak.

Palaging hilingin sa pulis na gumawa ng kumpletong ulat ukol sa mga nangyari at kunin mo ang bilang ng report na ito upang ikaw ay makakuha ng kopya. Tanungin mo at isulat ang pangalan at numero ng tsapa ng pulis na gumawa ng report na ito.

Kung nakulong ang iyong asawa o kapareha, maaari siyang pakawalan makalipas ang dalawang oras. Gamitin mo ang panahong ito upang makahanap ng ligtas na mapupuntahan. Kadalasan, ang isang babaing nagsusumbong ukol sa domestic violence ay hindi dinadala ng mga pulis sa Immigration and Naturalization Service (INS).



MAY NARINIG AKO UKOL SA MGA PROTECTION ORDERS. PARA SAAN ANG MGA ITO?

Ang protection order ay pinagbabawalan ang isang asawa na nang-aabusos na lumapit, sumugod, gahasain o tawagan ka, ang iyong mga anak o iba pang miyembro ng iyong pamilya. Sa karamihan ng mga estado ng America, maaaring isama sa



protection order ang pakiusap na ibigay sa iyo ang custody ng inyong mga anak, makakuha ng suporta para sa mga anak, at paalisin siya sa inyong bahay, at ang pagbawalan siyang makialam sa iyong immigration status. Hindi mo kinakailangang maging isang US citizen o legal na residente para kumuha ng protection order. Upang mapatibay at mabigyang bisa ang isang protection order, kinakailangan handa kang tumawag ng pulis para ipatupad ito.

MAKAKAKUHA BA AKO NG PROTECTION ORDER KAHIT HINDI AKO US CITIZEN?

OO. Hindi mo kailangang maging isang US citizen o legal na residente para makakuha ng protection order. Ang isang abogado ay maaaring makatulong ngunit makakakuha ka pa rin nito kahit wala kang abogado. Ang mga pormang kailangan mo ay makukuha sa mga bahay-hukuman, mga shelter para sa mga babae, mga tanggapan ng serbisyong pang-legal, at sa ilang mga istasyon ng pulis. Kadalasan, hindi tinatanong ng mga korteng sibil ang immigration status pag humihiling ng protection order, custody order para sa anak, o pagsasawalang bisa ng kasal. Magtanong sa isang abogado ng nagbibigay ng libreng serbisyo sa mga mabababa ang kinikita ukol sa mga patakaran ng husgado sa iyong lugar.

PAPAANO AKONG MAKAKAKUHA NG LEGAL NA PERMANENT RESIDENCY NG WALANG TULONG NG AKING ASAWA?

May dalawang paraan, ayon sa Violence Against Women Act (VAWA). Ang una ay tinatawag na “self-petitioning” o pagpapetisyon sa sarili. Sa halip na umasa sa iyong asawa para makakuha ng iyong residency, ikaw na mismo ang gagawa ng aplikasyon para sa iyong sarili’t mga anak. Walang gagampanan ang iyong asawa at ni hindi niya kailangang malaman ito. Dahil kumplikado ang paggawa nito, dapat kang sumangguni muna sa isang kawani ng shelter o kaya’y sa isang abogado espesyalista sa imigrasyon.

Ang pangalawang paraan sa pagkuha ng residency ay tinatawag na “cancellation of removal” o pagkansela ng pagpapapalis. Ang paraang ito ay magagamit mo lamang kapag ikaw ay maaaring madeport o pabalikin sa iyong bansa. Maaring iurong ng korte ang pagdedeport sa iyo at bigyan ka ng residency o karapatang manatili kung ikaw ay kwalipikado o may sapat na dahilan. Kaya lamang, dahil ikaw ay dapat nakatakdang litisin para i-deport para makapag-apply sa paraang ito, siguraduhin mong nakipagusap kamu sa isang abogado espesyalista sa imigrasyon bago ka magpatuloy.

Kung inaakala mo na hindi ka nararapat sa paraan ng VAWA, huwag kang masyadong maghinagpis. Meroong iba pang paraan para makakuha ng immigration status tulad ng bagong visa na isinagawa ng Kongreso para sa mga biktima ng krimen. Ang pinakamagaling na paraan ay makipagkita kaagad sa isang abogado na espesyalista ukol sa imigrasyon o domestic violence (huwag na huwag kang tawag sa INS).

PINAGBABANTAANG AKO NG AKING ASAWA NA ILALAYO SA AKIN ANG MGA ANAK KO KUNG IIWANAN KO SIYA. ANO ANG MAARI KONG GAWIN?

Kung ang iyong asawa o kapareha ay nagbabatang ilayo sa iyo ang iyong mga anak o kaya’y iuwi ito sa kanyang sariling bansa, kailangang mong:

1. Kumuha kaagad ng custody order. Maaaring isama sa order na ito ang kautusang pinagbabawalan ang asawa o kapareha na ilipat ang mga anak mula sa bansang kanilang kinalalagyan.
2. Kung ang mga bata ay US citizens, magpadala kaagad ng kopya ng order na ito sa embahada ng bansa ng iyong asawa o kapareha at isang kopya sa US Department of State para maiwasan ang pagbibigay ng pasaporte at visa sa iyong mga anak.
3. Bigyan mo ng kopya ng order ang eskwelahan ng mga bata at sabihan mo sila na huwag papayagan ang mga bata na sumama kaninuman maliban sa iyo.
4. Siguraduhin mong meron kang mga bagong litrato, pasaporte at dokumento ng kapanganakan ng iyong mga anak. Gumawa ka ng listahan ng mga tirahan at bilang ng telepono ng mga matalik na kaibigan at pamilya ng iyong asawa o kapareha sa kanyang bansa.

PAPAANO KO SUSUPPORTAHAN ANG AKING SARILI’T MGA ANAK KUNG IIWANAN KO ANG AKING ASAWA?

Ipinag-uutos ng batas na dapat suportahan ng ama ang kanyang mga anak kahit hiwalay kayo ng tirahan o kahit na kayo’y hindi kasal at walang pagsaalang-alang sa immigration status. Kailangan mong sumangguni sa abogado espesyalista sa mga pamilya upang malaman mo kung paano ka makakakuha ng suporta sa inyong estado. Ang mga ilang kasal na babae ay maaari ring makatanggap ng suporta para sa asawa o alimony.

Ang mga legal na permanenteng residente ay maaaring makakuha ng trabaho dahil sila ay may mga green cards. Ang mga refugees o iba pang mga imigrante ay kailangang kumuha ng pahintulot para makapagtrabaho. Ang isang abogado ng imigrasyon ay makapagsasabi sa iyo kung ikaw ay maaaring makakuha ng pahintulot na magtrabaho. Mahalagang hindi ka gumamit ng mga dokumentong falso o kaya’y magsinungaling ukol sa iyong pagiging US citizen.

AKO AY LEGAL NA PERMANENTENG RESIDENTE. MAAARI BA AKONG TUMANGGAP NG WELFARE AT MEDICAID?

May mga ilang legal na permanenteng residente na maaaring tumanggap ng food stamps. Ang mga patakaran sa pagbibigay ng Medicaid, Temporary Aid to Needy Families (TANF – Pansamantalang Tulong sa mga Pamilyang Nangangailangan) at general assistance ay naiiba sa bawat

estado. Kumunsulta ng isang tagapayo ukol sa imigrasyon o domestic violence sa iyong lugar.

AKO AY ISANG REFUGEE, MAAARI BA AKONG TUMANGGAP NG WELFARE AT MEDICAID?

Sa unang limang taon mula ng kanilang pagdating sa Estados Unidos, ang mga refugees ay maaaring tumanggap ng food stamps, Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan, Medicaid at iba pang mga programa na nakakatulong sa sinumang US citizen. Yung mga refugees na nandito na sa US ng limang taon o higit pa ay hindi na maaaring tumanggap ng food stamps. Ang karapatan na makatanggap ng Medicaid, Temporary Aid to Needy Families (TANF), at general assistance ay depende sa bawat estado. Kumunsulta sa isang tagapayo ukol sa imigrasyon at domestic violence sa iyong lugar.

KUNG AKO’Y WALANG MGA DOKUMENTO, MAAARI BA AKONG TUMANGGAP NG WELFARE AT MEDICAID?

Kung nag-apply na ang iyong asawa ng legal permanent residency para sa iyo o kaya’y nagawa mo na ito mismo, sa pamamagitan ng Violence Against Women Act, ikaw ay maaaring tumanggap ng mga benipisyo katulad ng mga benipisyon tintanggap ng sinumang legal na permanent resident. (Tunghayan sa itaas).

Kung wala kang karapatang makakuha ng legal na permanent residency, hindi ka maaaring makakuha sa maraming tulong na galing sa gobyerno. Pero maaari ka pa ring tumanggap ng emergency Medicaid. Tumawag sa mga tagapayo ukol sa imigrasyon o domestic violence para ikaw ay matulungan nila na makahanap ng “safe” na ospital na hindi magsusumbong ukol sa kawalan mo ng mga dokumento. Maaari ka ring makakuha ng tulong mula sa mga iba’t ibang grupo sa komunidad na nagbibigay ng libreng pagkain tulad ng ibang simbahan, at tulong mula sa mga domestic violence shelters.

MAAARI BANG MAKAKUHA NG MGA BENIPISYONG PANG-PUBLIKO AT MEDICAID ANG MGA ANAK KONG MGA US CITIZENS?

OO. Kahit na ikaw ay walang mga dokumento, maaaring tumanggap ng tulong pang-publiko ang mga anak mong US citizens katulad rin ng mga ibang bata na citizens. Kung ikaw mismo ay walang dokumento, huwag na huwag mo itong sasabihin, kahit na tanungin ka, habang nagtatangka kang kumuha ng mga benipisyo para sa iyong mga anak. Hindi kinakailangang malaman ng welfare officer ang iyong status para mabigyan ng mga benipisyo ang iyong mga anak na citizens.

AKO BA’Y MADE-DEPORT KUNG GAGAWIN KO ANG MGA NABANGGIT SA ITAAS?

Kung ikaw ngayon ay isang US citizen, legal na permanenteng residente o kaya’y may hawak na legal na visa, hindi ka maaaring madeport maliban na lamang kung ang pagpaso mo sa US ay sa madayang paraan, nilabag mo ang mga kondisyones ng iyong visa o kaya’y may mga krimen kang ginawa.

Kung wala kang mga dokumento o kaya’y hindi mo tiyak ang iyong immigration status, dapat kang makipagkita sa isang abogado upang gawing maging legal ang iyong status o kalagayan. Samantala, kailangang gawin mo ang dapat mong gawin upang ikaw ay maligtas sa panganib o karahasan. Kahit na isuplong ka ng iyong asawa o kapareha sa INS, hindi ka kaagad-agad madedeport at kadalasan magkakaroon ka ng pagkakataon na magpaliwanag ng iyong kaso ng isang hukom.

MADE-DEPORT BA ANG AKING ASAWA O KAPAREHA KUNG AKO’Y KIKILOS?

Ang paglapit mo sa mga shelters o sa mga abogado para humingi ng tulong ay malayang maging sanhi ng pagkaka-deport ng iyong asawa o kapareha.

Kung lalapit ka sa mga pulis at ang iyong asawa o kapareha ay mahatulan dahil sa isang krimeng kanyang nagawa, maaari siyang ma-deport, depende sa kanyang immigration status at kung gaano kalubha ang kanyang krimeng nagawa.

Mahalagang ikaw at ang iyong mga anak ay ligtas. Ang mga karahasang ikinikilos ng iyong asawa o kapareha ang siyang naglagay ng alanganin sa sarili niya.

KAILANGAN KO BANG MAKIPAGKITA SA ISANG ABOGADO KAHIT HINDI KO ITO KAYANG BAYARAN?

Huwag kang pupunta sa INS ng hindi ka muna nakipagkita sa isang abogado. Hindi mabubunyag ang mga napag-usapan ninyo ng abogado at hindi ka niya maaaring isuplong sa INS. Kung hindi mo kayang bayaran ang abogado, makipagkita ka sa pinakamalapit na tanggapang nagbibigay ng serbisyong pang-legal o kaya’y tumawag sa isa sa mga samahan ng imigrasyong nakalista sa babasahing ito.

